
3

DepEd
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Mother Tongue

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Anong Reaksyon Mo?



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Anong Reaksyon Mo?**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Charmaine R. Lavador

**Editor:** Babeth P. Gevila, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Rochien R. Titong, Glofer Jane T. Ubando, Bryan Ephraem E. Miguel
Lea C. Manambay, Ana Lorma A. Dahiroc

**Tagaguhit:** Elmer E. Dela Cruz

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, George N. Wong, Winnie E. Batoon, Chona M. Calatrava, Teresita E. Helgason, Jesusa P. Ambrona

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Mother Tongue

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Anong Reaksyon Mo?

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sap ag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunag pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makararanas ng suliranin sap ag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matuto and ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Anong Reaksyon Mo?

Subukin mo kung paano ang wastong paraan upang makapagbigay ng iyong reaksyon. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nagagamit ang mga pahayag na angkop sa baitang upang makapagbigay reaksiyon sa lokal na balita, impormasyon, at propaganda tungkol sa paaralan, komunidad at iba pang mga lokal na gawain (MT3OL-IId-e-3.6).

### *Mga Tala para sa Guro*

Ang modyul na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang mga ideya, pag-iisip at nararamdaman sa sarili, pamilya, paaralan at komunidad.

Paalalahanan sila na hindi ito dapat sulatan dahil gagamitin pa ito ng ibang mga mag-aaral sa mga susunod pang mga taon.

## Subukin

Labis ang pagkalungkot at paghihinagpis ng mga taga baryo Katagbawan dahil sa sinapit ng mag-anak na Batumbayan. Halos wala ng natira sa kanila maliban sa suot nilang mga damit ng araw na nangyari ang sunog. Kaya naman bawat isa sa kanilang mga kapitbahay ay nagpulong-pulong upang mapagkasunduan ang gagawing pagtulong sa kanilang angkan. Pinamunuan ang pagpupulong-pulong na ito ni Kapitan Isko. Sila ay nag-ambagan ng mga bagay na maaari nilang maibigay sa pamilya. May nagbigay ng pagkain, damit, salapi, at iba pang kinakailangan. Dahil dito unti-unting nakabangon ang mag-anak mula sa trahedyang sinapit.

1. Anong nangyari sa pamilya Batumbayan?
2. Paano sila tinulungan ng kanilang mga kapitbahay?
3. Kung ikaw ay isa sa mga kapitbahay ng pamilyang Batumbayan, ano ang magiging reaksyon mo sa nangyari?
4. Paano mo sila tutulungan?
5. May nangyari na bang ganito sa inyong komunidad? Ano ang mga karanasan mo na may kaugnayan dito? Ano ang naging reaksyon mo?

# Aralin 1 Anong Reaksyon Mo?

Lahat tayo ay napapabilang sa isang komunidad o pamayanan. Dito ay mababatid natin na may kanya-kanya tayong karapatan at responsibilidad bilang isang mamamayan ng komunidad. Maaari tayong makilahok sa iba't ibang gawaing nagaganap sa ating paligid.

Paano nga ba natin magagampanan ang pagiging isang responsableng mamamayan sa ating pamayanan?

## *Balikan*

Bago tayo dumako sa bagong leksiyon, balikan muna natin ang natutuhan mo sa naunang modyul.

Pumili ng sagot mula sa mga Panghalip na Pananong na napapaloob sa kahon. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
| Saan | Kailan | Ano |
| Sino | Paano | |

1. _____ mo isinulat ang iyong takdang-aralin?
2. _____ sila pupunta sa kanilang bukid?
3. _____ ang kasama mong naligo sa sapa noong isang araw?
4. _____ ang dahilan ng kanyang pag-iyak?
5. _____ ka bibili ng mga gamit para sa proyekto natin sa Matematika?

## Tuklasin

Naranasan mo na bang lumipat sa bagong paaralan o mag punta sa bagong mga lugar? Basahin ang kuwento ni Eloisa. Papaano kaya ang magiging unang araw niya sa pag-aaral, ngayong maraming pagbabago ang kanyang tiyak na pagdaraanan? Halina't ating tuklasin ang kanyang kuwento.


Sa Bago kong Papasukan
ni: Charmaine R. Lavador





Pasukan na naman at sabik na sabik si Eloisa sa pagbabalik-eskwela. Sa taong ito ay papasok siya sa ibang paaralan bilang bagong-lipat. Maagang gumising si Eloisa at hindi maitatanggi ang kanyang pananabik sa pagpasok sa eskwela.



Papasok siya sa bagong paaralan sa taong ito dahil sa trahedyang nagdaan sa buhay nilang mag-anak na naging dahilan upang sila ay lumipat ng bagong tirahan. Inabutan ng bagyo ang kanilang lugar at nawalan sila ng tirahan dahil dito.



"Magandang umaga sa'yo, Nanay!" sabi niya sabay halik sa pisngi ng ina. "Ihahatid niyo po ba ako sa papasukan ko?", tanong niya pagkatapos. "Aba'y oo naman, anak. Hindi kita pwedeng pabayaan at maninibago ka sa lugar ng paaralan, at saka hindi mo pa kabisado ang daan patungo doon."




Pagkatapos maghanda ay nagtungo na nga ang mag-ina sa Paaralang Elementarya ng Tagbaobo. Tuwang-tuwa na sinalubong si Eloisa ng kanyang magiging guro na si Bb. Magtalas. Malugod na ipinakilala siya nito sa kanyang mga magiging kaklase. Maligaya rin siyang binati ng mga ito bilang pagtanggap sa kanya sa kanilang paaralan.

Nang sumapit ang **recess** ay sinamahan siya ng mga kaklase sa paglilibot sa buong eskwelahan. Bumili muna sila ng pagkain sa kantina bago pumunta sa silid-aklatan. Pagkatapos nilang umikot-ikot sa loob ng silid-aklatan ay nagtungo naman sila sa palaruan ng paaralan at doon masayang naglaro kasama ng iba pang mag-aaral. Napakasaya ng unang araw ni Eloisa sa kanyang bagong pinapasukan.



Matapos nilang maglaro, nagpasama si Eloisa sa isa niyang kaklase papunta sa palikuran dahil naiihi siya. Habang naglalakad, nagkuwento si Lea kay Eloisa na may babaeng putol ang ulo sa loob ng banyo. Nagpapakita raw ito kapag ayaw nito sa pumapasok na tao. Kinabahan si Eloisa at hindi na nila itinuloy ang pag-ihi. Nagtanong siya sa iba niyang kaklase kung totoo ang sinabi ni Lea. May ibang nagsabing hindi mayroon ding nagsabi na totoo ito. Ngunit, hindi nagpatinag si Eloisa, siya ay nagsaliksik at naghanap ng mga impormasyon hinggil sa makapanindig balahibong kuwento na kanyang narinig mula sa kaklase. Tinanong niya ang kanyang guro tungkol dito at nabigyan naman siya ng kompletong detalye ng kanyang guro. Dahil doon hindi makakalimutan ni Eloisa ang unang araw niya sa kanyang bagong paaralan.




Basahin at sagutin ang mga katanungan tungkol sa binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.


1. Saan nagtungo si Eloisa at ang kanyang kaklase?
2. Ano ang kanyang naramdaman sa kanyang karanasan?
3. Ano ang natuklasan niya tungkol sa paaralan? Ano ang reaksyon niya dito?
4. Paano nakaapekto sa kanya ang sinabi ni Lea?
5. Kung ikaw si Eloisa, ano ang magiging reaksyon mo sa nalamang impormasyon tungkol sa paaralan?

## Suriin

Hindi maipagkakaila ang pananabik ni Eloisa sa kuwentong iyong nabasa ngunit ang kanyang damdamin ay nagbago dahil sa narinig niyang impormasyon galing kay Lea.

Tayo ay may kaniya-kaniyang karanasan sa ating kinabibilangang lipunan. Ang mga karanasang ito ay nakaaapekto kung paano tayo magbigay ng reaksyon sa mga pangyayari sa ating paligid. Maari ring makapagbigay tayo ng reaksyon batay sa ating mga naririnig, nababasa o natatanggap na impormasyon.

Lagi nating tandaan na tayo ay maaaring magbigay ng opinyon ukol sa mga impormasyon, balita o propaganda na ating narinig o nalaman ngunit ang lahat ay may limitasyon. Palagi nating isaisip na wala tayong karapatang manghusga ng kapwa tao. Upang maisagawa ito, pag-isipang mabuti kung ano ang tamang paraan at kailan ang tamang pagkakataon sa pagbibigay ng ating reaksyon.



## Tandaan

Sa pagbibigay ng reaksiyon, tandaan natin ang mga sumusunod na gabay upang tayo ay hindi makapanakit ng kapwa:

- ✓ Siguraduhin na ang balita ay galing sa mapagkakatiwalaang tao o organisasyon.
- ✓ Huwag maniwala sa sabi-sabi lang. Maniwala lang kung ang impormasyon ay may totoong basehan.
- ✓ Palaging suriin ang propaganda kung ito ba ay may katotohanan o gawa-gawa lamang.
- ✓ Umasal ng naaayon sa iyong edad.
- ✓ Laging sumangguni sa mga nakatatanda.

## Pagyamanin

Basahin ang bawat sitwasyon na nasa ibaba. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ibinalita sa telebisyon na makararanas ng malakas na pag-ulan ang inyong lugar kinabukasan. Malayo ang iyong paaralan mula sa inyong tirahan. Ano ang iyong gagawin?
   A. Hindi ako papasok.
   B. Papasok pa rin ako sa eskwela.
   C. Hindi ako papasok at ipapaalam ko sa aking guro sa pamamagitan ng pag-text ang aking dahilan.

2. Nalaman mong nagsusugal ang iyong kapitbahay. Alam mong ipinagbabawal sa inyong barangay ang gawaing ito. Ano ang gagawin mo?
   A. Manahimik nalang upang hindi magalit sa akin ang aming kapitbahay.
   B. Sumangguni sa aking mga magulang at hikayatin silang ireport ito sa barangay.
   C. Pupuntahan ko ang aking kapitbahay at pagsabihan silang bawal ang kanilang ginagawa.

3. May gaganaping Oplan Bayanihan sa inyong lugar. Hinihikayat ang bawat isa sa inyo na makikilahok sa paglilinis ng kapaligiran. Ano ang gagawin mo?
   A. Magpanggap na maysakit at huwag makilahok.
   B. Maglalaro ako at hindi makikialam sa gawain dahil bata pa ako.
   C. Gawin ang mga bagay na aking makakaya upang makatulong sa nasabing gawain.

4. Narinig mong nagtatalo ang dalawa mong kapitbahay. Ano ang gagawin mo?
    A. Awatin ang kapit-bahay.
    B. Ipagsasabi ko sa lahat ang nangyari.
    C. Pumasok sa loob ng bahay at hayaan sila sa ginagawa nila.

5. Hindi na makakapagpatuloy sa pag-aaral ang isa mong kaklase dahil sa paghihiwalay ng kanyang mga magulang. Ano ang gagawin mo?
    A. Kakausapin ko siya at hihikayating ipagpatuloy pa rin ang pag- aaral.
    B. Pabayaan siyang huminto sa pag-aaral dahil hindi ko siya kamag- anak.
    C. **Ibubully** ko siya at ipagsasabi ko sa mga kaklase ko ang nangyari sa kanyang mga magulang.

## *Isaisip*

Isulat ang **Oo** kung sang-ayon ka sa pahayag at **Hindi** kung ikaw ay hindi sang-ayon dito. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Kapag may impormasyon tayong natatanggap, dapat na maniwala tayo agad dito.
2. Pag-isipang mabuti kung totoo ba ang balitang narinig bago magbigay ng reaksyon.
3. Ipagkalat ang impormasyon kahit hindi sigurado kung ito ay totoo.
4. Magpatulong sa mga nakakatanda tungkol sa angkop na reaksyon na ibibigay.
5. Hindi lahat ng impormsayon, balita, o propaganda tungkol sa iyong komunidad, paaralan o ano mang gawain ay totoo.

## Isagawa

Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay naglalahad ng tamang gawain at **M** naman kung ito ay maling gawain. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Sinabi ng kaklase ni Katya na lilipat na raw siya sa ibang paaralan dahil ayaw niya sa kanyang guro. Hinikayat ni Katya ang kanyang mga magulang na siya ay ilipat na rin.
2. Lumiban sa klase si Drew dahil sinabi ni Laika sa kanya na hindi siya matalino.
3. Narinig ko sa balita sa radyo na ikakansela ang klase bukas dahil sa paparating na bagyo. Nagtext ako sa aking guro upang magtanong sa kanya ukol dito.
4. Nanalo si Catriona Gray bilang "Miss Universe 2018." Labis akong natuwa bilang isang Pilipinong kagaya niya.
5. May napapabalitang aswang sa inyong lugar pero wala pang nakakakita nito. Takot na takot ka at ayaw mo nang lumabas ng inyong bahay.

## Tayahin

Basahin ang impormasyon na nasa ibaba at sagutin ang mga katanungan kasunod nito. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Manny ang **Boxing Champ** ng Pilipinas
ni: Charmaine R. Lavador




Isang sikat na boksingero ang pinoy na si Emmanuel Dapidaran "Manny" Pacquiao. Sa maraming pagkakataon ay nakapag-uwi na siya ng mga titulong kaniyang napanalunan mula sa mga laro niya laban sa mga boksingerong nagmumula sa iba't ibang bansa.

Ito ay nakamit niya mula sa kanyang matinding pagsisikap at pagsasanay upang maging malakas at magaling sa larong **boxing**.

Talagang isa si Manny Pacquiao sa mga tunay na maipagmamalaki nating mga Pilipino.

Mga Tanong:

1. Narinig mo na ba ang tungkol kay Manny Pacquiao? Ano ang masasabi mo tungkol sa kanya?
   A. Siya ay kahanga-hanga.
   B. Ordinaryong tao lamang si Manny.
   C. Wala akong pakialam kung sino siya.
2. Nakapanood ka na ba ng laro ni Manny? Ano ang nararamdaman mo sa tuwing naglalaro siya?
   A. Ako ay natutuwa.
   B. Ako ay nagagalit.
   C. Ako ay nalulungkot.

3. Maipagmamalaki mo bang kalahi mo ang isang Manny Pacquiao? Bakit?
    A. Hindi, dahil hindi ko kilala si Manny.
    B. Hindi, dahil hindi ako mahilig sa boksing.
    C. Oo, dahil ako ay isang Pilipinong kagaya ni Manny at siya ay magaling.

Nag-anunsyo ang inyong punong-guro na walang pasok sa susunod na Linggo dahil magsasagawa nang inspeksyon sa mga gusali ng paaralan dahil sa nagdaang lindol.

4. Ano ang magiging reaksyon mo sa sinabi ng inyong punong-guro?
    A. Iiyak ako dahil isang linggo akong walang baon.
    B. Matutuwa ako dahil walang pasok at magkakaroon ako ng mahabang panahon sa paglalaro.
    C. Malulungkot ako dahil walang pasok ngunit maiintindihan ko na para ito sa aming kaligtasan.

5. Paano mo maipapakita ang suporta mo sa desisyon ng inyong punong-guro?
    A. Matutulog ako buong maghapon.
    B. Sisigaw ako sa tuwa dahil walang pasok.
    C. Mag-aaral pa rin ako ng mga leksyon sa bahay.

## *Karagdagang Gawain*

Mag-isip ng isang mahalagang pangyayari sa komunidad na kinabibilangan mo. Iguhit ito sa malinis na papel at ipaliwanag kung ano ang nais mong ipakahulugan sa iyong ginawa.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Sila ay nasunugan
2. Nagtulong-tulong ang mga kapi-bahay sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pangangailangan nila.

3-5. Nakadepende sa sagot ng mag-aaral

**Balikan**

1. Saan
2. Kailan
3. Sino
4. Ano
5. Saan

**Tuklasin**

1. Sa kanyang bagong papasukan
2. Siya ay natuwa/nasiyahan
3. Marami siyang naranasang pagbabago
4. Ang kanyang ina, guro at mga kaklase
5. Depende sa sagot ng mag-aaral

**Pagyamanin**

1. C
2. B
3. C
4. C
5. A

**Isaisip**

1. Hindi
2. Oo
3. Hindi
4. Oo
5. Oo

**Isagawa**

1. M
2. M
3. T
4. T
5. M

**Tayahin**

1. A
2. A
3. C
4. C
5. C

# *Sanggunian*

Curriculum Guide sa MTB-MLE 3, 139

Most Essential Learning Competencies (MELC) 2020 for MTB-MLE Grade III Q2 DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong, Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang, Victoria A. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega. *MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)* 2014, 21 E Boni Serrano Ave., Quezon City, Book Media Press, Inc.,122, 216-217

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph